
# “Pagbomba ng kongkreto”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

## Mga pag-iingat sa paglinis at pag-urong

### (1) Mga pag-iingat sa paglinis ng panlipat na tubo


May dalawang paraan ng paglilinis para sa mga panlipat na tubo: paglinis gamit ang tubig at paglinis gamit ang hangin. Gayun pa man, ang paglinis gamit ang tubig ang inirerekomenda dahil ang paglinis gamit ang hangin ay maaaring magdulot ng malubhang aksidente dahil sa pagbuga ng hangin.




Halimbawa ng aksidente na dulot ng pagsabog ng na-compress ng hangin sa oras ng paglinis gamit ang hangin

## (2) Kapag naglilinis ng panlipat na tubo, tanggalin ang dulo ng hose

Kapag naglilinis ng panlipat na tubo, tanggalin ang dulo ng hose para sa kaligtasan, ikabit ang humahawak ng panlinis (cleaner holder) at maayos na ikabit ito sa hindi umuugang lugar gamit ang kable o kadena.




Pagtanggal ng dulo ng hose at pag-install ng kabitan ng panlinis (cleaner receiver)



Halimbawa ng kabitan ng panlinis

## (3) Huwag gumamit ng vent pipe sa dulo ng daluyang o panlipat na tubo.


Huwag gumamit ng vent pipe (kurbadang tubo) sa dulo ng daluyang tubo para sa paglilinis. Kung ang vent pipe ay ginamit, maaaring lilipad o matatanggal ang daluyang tubo dahil sa epektong manggagaling sa dulo ng panlinis ng daluyang tubo.




Halimbawa ng aksidente ng paggamit ng vent pipe sa dulo ng daluyang tubo

## (4) Mga pag-iingat ng paglinis ng hopper

Palagaing linisin ang hopper pagkatapos pahintuin ang agitator (agitating blade). Kung magtatrabaho ka nang hindi pinapahinto ang agitator, maaaring maipit ang iyong mga kamay at paa sa agitator, at magreresulta ng malubhang pinsala o pagkamatay.







Halimbawa ng aksidente ng pagkakaipit sa agitator ng hopper

## (5) Aparatong panghinto sa oras ng emergency

Ang aparatong panghinto sa oras ng emergency (emergency stop device) (agitating blade) ay nakakabit sa gilid na makakapagpahinto ng bomba ng kongkreto sa pamamagitan ng pagpindot sa button kapag naipit ang isang tao sa hopper agitator o kung halos magaganap na ito.
May aparato sa gilid ng hopper (apron) na awtomatikong nagpapahinto sa agitator para maiwasan ang mga aksidenteng may kinalaman ang isang tao sa agitator, na nakikita kapag nabuksan ang screen sa hopper.





Halimbawa ng aparatong panghinto sa oras ng emergency




Halimbawa ng aparatong awtomatikong panghinto

## (6) Mga pag-iingat kapag naglilinis ng cylinder


Kung naglilinis ng mga balbula ng kongkreto, isinasagawa ang paglilinis ng cylinder pagkatapos mapahinto ang makina at paglipat ng remote control yunit na malayo sa iyong katawan para maiwasan ang mga aksidenteng dulot ng mga pagpalya. Dagdag pa rito, huwag kailanmang ilagay ang iyong mga kamay sa cylinder ng kongkreto sa piston na uri ng sasakyan ng pambomba ng kongkreto. May mga aksidente na sanhi ng pagpalya ng balbula kapag nalagay ang kamay sa loob, na nagdudulot ng malubhang pinsala dahil sa pagkakaipit ng kamay sa aparato ng balbula.
Huwag ilalagay ang mga kamay sa cylinder ng kongkreto. Sa halip, gumamit ng scooping bar at mataas ang presyon na tubig para mahugasan ito.



Halimbawa ng aksidenteng naipit ang daliri sa balbula
na pinaandar sa panahon ng paglilinis ng cylinder.

## (7) Mga pag-iingat kapag nagtatrabaho sa sasakyang naghahalo ng kongkreto


Kapag ibinabalik ang natitirang kongkreto sa naghahalo ng kongkretong sasakyan (truck agitator) habang hinuhugasan ito ng tubig, dapat kayong gumamit ng pampigil ng pagkakahulog na kagamitan para maiwasan ang mga aksidenteng mahuhulog mula sa itaas ng sasakyang naghahalo ng kongkreto kapag umakyat ka sa hopper (input port) ng sasakyan.



Halimbawa ng aksidenteng pagkakahulog mula sa itaas ng naghahalong trak

## (8) Siyasatin ang daluyang linya ng mga sasakyang pambomba ng kongkreto.

Pagtuunan ng pansin ang mga lugar na maraming bagay, tulad ng lugar ng proyekto at loteng paradahan ng kumpanya, pagtuunan ng pansin ang linya ng trapiko ng mga sasakyan ng pambomba ng kongkreto sa mga lugar na may maraming nakaharang, hindi masyadong nakikita, at makikitid na lugar para maiwasan ang mga aksidente sa trapiko.



Halimbawa ng aksidente sa trapiko na dulot ng sasakyan ng pambomba ng kongkreto na nasa loteng paradahan ng kumpanya.



2020.3